# Science and Technology University, planong itayo ni Joy B sa QC

Nais ni Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte na magtayo ng isang unibersidad para sa agham at teknolohiya bilang suporta sa pagpapalaganap ng 'innovation' para mapabilang ang lungsod sa "map of technology hotspots" kasama ng Hong Kong at Singapore.

"One day, it is my dream to establish a Quezon City Science and Technology University in our city," bahagi ng kanyang talumpati sa paglulunsad ng Science, Technology, Research in Innovative Venture ( STRIVE) sa Don Alejandro Roces High School sa QC.

Ang pamantasan ay pangangasiwaan ng lokal na pamahalaan at magpapalaganap ng siyensiya at teknolohiya na magbibigay dagdag kaalaman sa 'entrepreneurship' at 'innovation'.

"My dream is to hone and develop the interest and skills of our children in Science, Technology, Engineering and Math (STEM) so that they can be inventors, innovators, creators, techpreneurs, engineers, scientists in the future," sabi pa ni Belmonte.

Umaasa rin si Belmonte na mangarap ang mga kabataan na maging mga innovators hindi lamang mga empleyado o negosyante.

Bilang tagapagtaguyod ng STEM sa QC, aktibo rin sa pagkuha ng suporta mula sa lokal na pamahalaan si Belmonte para sa maliliit na negosyo sa lungsod.

"Pinapangarap ng isang innovator gumawa ng mga bagay na makabuluhan. We don't need to invent something new. We can improve on something already existing. We can be improvers," ayon pa kay Belmonte.

Bilang pinuno ng Sangguniang Panlungsod, pinangunahan ni Belmonte ang pagpasa ng Ordinance No. SP-2364 na nagsagawa ng Small Business Development and Promotion Office, at Ordinance No. SP-2360 na layong pagtibayin ang Magna Carta for Micro and Small Business Enterprises sa QC bilang suporta sa mga maliliit na negosyo.

Binigyang-diin din ni Belmonte na matagal nang pinapalakas ng lungsod ang STEM at ang 'innovation' sa pamamagitan ng isang ordinansa mula pa noong 1996 na nagsasaad na hindi kailangang magbayad ng lisensya, permit at business tax ng mga Filipino inventors na taga-QC. *(Angie dela Cruz)*

PRINTED FROM PRESSREADER NOT FOR SALE PERSONAL COPY